Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-30 NG ENERO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 12-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA LUMAGDA AT PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG CITY GOVERNMENT OF MALOLOS EMPLOYEES MULTIPURPOSE COOPERATIVE (CGMEMCo) PARA SA PAGPAPATUPAD NG TULONG SA PAUTANG (SALARY LOAN, ALLOWANCE LOAN, EMERGENCY LOAN, PROVIDENT LOAN AT IBA PA) SA MGA KWALIPIKADONG OPISYAL AT KAWANI NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD.

AKDA NINA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO at KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod na tiyaking angkop, epektibo at episyente ang mga programa at proyekto nitong isinasakatuparan;

SAPAGKAT, lumiham ang mabunying Tanggapan ng Punong Lungsod hinggil sa kahilingang mabigyang pahintulot at kapangyarihan na makalagda at makapasok sa nasabing kasunduan;

SAPAGKAT, ang City Government Of Malolos Employees Multipurpose Cooperative (CGMEMCo) bahagi ng mga gampanin nito ay ang pagpapatupad ng tulong sa pautang sa mga miyembro nito na may mababang patubo o *interest* gaya ng Salary Loan, Emergency Loan, Allowance Loan, Provident Loan at iba pa;

SAPAGKAT, ang nasabing tulong sa pautang ay makakatulong ng mabuti sa mga pangangailangang pinansyal ng mga opisyal at kawani upang tugunan ang mga gastusing pampamilya, partikular ang patungkol sa edukasyon at pangangalaga sa kalusugan;

SAPAGKAT, batay sa itinatadhana ng Seksyon 22 ng Republic Act No. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng Pilipinas, na ang pamahalaang lokal ay maaaring pumasok sa isang kasunduan sa pamamagitan ng punong ehekutibo sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng sangguniang panlungsod ukol dito.

KUNG KAYA'T sa kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng ditoý ginagawang pagpapasya na binibigyang kapangyarihan at pahintulot ang Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian na lumagda at pumasok Sa isang Kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng City Government of Malolos Employees Multipurpose Cooperative (CGMEMCo) para Sa Pagpapatupad ng tulong sa pautang (Salary Loan, Emergency Loan, Allowance Loan, Provident Loan at iba pa) sa mga kwalipikadong opisyal at kawani ng Pamahalaang Panlungsod.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*01302020